

Para sa Aming Komunidad sa Bay Area,

Nagkaroon ng nakakabahalang pagdami ng mga pagsalakay laban sa mga komunidad ng Asian American at Pacific Islander, at matinding kinokondena ng University of California, San Francisco (UCSF) ang mga pag-atakeng ito na bunsod ng pagtatangi o pagkamuhi sa ibang lahi.

Lubos na dumami ang sentimiyento Laban sa Mga Asian sa buong bansa sa simula ng pandemya noong 2020, na pinalala ng mga taong nagkakalat ng mga conspiracy theory (teorya na ang mga kaganapan ay dulot ng pagsusubwatan ng makapangyarihang grupo) at ng takot o galit laban sa mga banyaga, at ngayon ay nakikita namin ang kabaha-bahalang pagbalik ng mga ito. Lubos na tumaas ang karahasan at pangha-harass na bunsod ng pagtatangi o pagkamuhi sa lahi na nagpupuntirya sa mga komunidad na ito sa mga nakaraang linggo, kung saan sinasaktan ang mga pinakamahina sa atin—ang mga nakatatanda sa Bay Area. Kalunos-lunos, ang isang 84 na taong gulang na Thai na lalaki ay inatake sa San Francisco at pumanaw dahil dito at ang isang 91 taong gulang lalaki ay nagkaroon ng mga malalang pinsala mula sa isang pag-atake sa Chinatown sa Oakland.

Inaatas ng dedikasyon ng UCSF sa paglaban sa rasismo sa lahat ng anyo nito—rasismo laban sa mga Asian, Pacific Islander, Black, Latinx, Native American, at iba pang komunidad—na manindigan tayo at magsalita. Naninindigan kami bilang pakikiisa sa [California Asian Pacific Islander Legislative Caucus](#) at lumalahok kami sa kanila sa pagtatawag-pansin sa mga kawalan ng katarungang ito at sa pagprotekta sa isa't isa.

Pinupuri namin ang kautusang tagapagpaganap ni Pangulong Biden na nananawagan para sa higit pang proteksiyon para sa mga komunidad ng Asian American at Pacific Islander at na nagkokondena sa paglala ng rasismo at ng takot o galit laban sa mga banyaga na nangyayari kasabay ng pandemya.

Sa UCSF, ipagpapatuloy namin ang aming nakahanay na gawain sa pamamagitan ng aming [Inisyatiba Laban sa Rasismo](#) para buwagin ang rasismo sa istruktura ng lipunan bilang suporta sa lahat ng taong hindi puti at mga grupong hindi sapat na kinakatawan, sa loob ng aming komunidad ng UCSF at sa loob ng mga komunidad na mayroon kaming pribilehiyong pagsilbihan.

Alam naming mahirap at nakakatakot na panahon ito para sa mga miyembro ng komunidad ng mga Asian at Pacific Islander at hinihikayat ka naming humiling ng suporta kung kailangan mo ito mula sa iyong network o mga organisasyon gaya ng [Asian Counseling and Referral Service \(Serbisyo sa Pagpapayo at Pagsangguni para sa Mga Asian\)](#) o ACRS. Para makatulong na tiyakin ang iyong personal na kaligtasan, nagbibigay kami ng gabay mula sa Departamento ng Pulisya ng UCSF, kasama ang:

- Maging mapagbantay sa mga kahina-hinalang tao. Tumawag sa 911 kung may nakita kang kahina-hinala.
- Lumabas kasama ang isang grupo kapag posible, lalo na sa gabi.
- Iwasan ang madidilim o hindi mataong lugar kapag naglalakad sa gabi.
- Manatiling alerto sa mga kapaligiran mo; iwasan ang paggamit ng headphone o cell phone kapag naglalakad o naghihintay nang mag-isa.
- Kung naglalakad ka papunta sa sasakyan mo, panatilihin madaling kunin ang iyong susi ng sasakyan, mas mainam kung hawak mo ito.
- Kung pakiramdam mo ay may sumusunod sa iyo, pumunta sa isang bukas na negosyo at humiling ng tulong.

- I-save ang mga numerong pang-emergency at tiyaking madaling matatawagan ang mga ito sa iyong cell phone.
- Kapag nahaharap ka sa sitwasyong hinihingi ang iyong pera o pag-aari, lalo na mula sa mga taong may armas, sundin ang kanilang mga hinihingi para sa iyong kaligtasan.

Habang nagtatrabaho kami para buwagin ang rasismo, diskriminasyon, at pagtatangi sa ating bansa at sa ating sariling komunidad, determinado kaming huwag hayaang humina ang ating mga loob dahil sa mga kamakailang pangyayaring ito. Sa halip, lalo tayong magsisikap para protektahan ang isa't isa habang nagtatrabaho tayo para magkaroon ng mas makatarungan at inklusibong lipunan.

Taos-puso,

Sam Hawgood, MBBS  
Chancellor (Kansilyer)  
Distinguished Professor (Katangi-tanging Propesor) sa Arthur and Toni Rembe Rock

Mark R. Laret  
Presidente at CEO  
UCSF Health

J. Renée Navarro, PharmD, MD  
Vice Chancellor (Bise Kansilyer), Office of Diversity and Outreach (Tanggapan ng Dibersidad at Pakikipag-ugnayan)  
Punong Opisyal sa Dibersidad  
Propesor ng Clinical Anesthesiology at Perioperative Care